

# Pagpapalawak ng paggamit sa transit para sa mga Albertan na mababa ang kita

Setyembre 26, 2023 [Mga katanungan sa media](#)

Ang pamahalaan ng Alberta ay nagbibigay ng \$1.7 milyon upang palawakin ang mga programa ng transit sa mababang kita sa anim na mga bagong komunidad sa buong lalawigan.

Maraming mga Albertan ang umaasa sa pampublikong transportasyon upang tulungan silang makarating sa trabaho, mga tipanan at dumalo sa mga aktibidad na panlibangan. Upang makatulong na labanan ang mataas na presyo (inflation), ipinakilala ng pamahalaan ng Alberta ang karagdagang pondo noong Pebrero upang mabigyan ang mga Albertan na mababa ang kita ng mas abot-kayang paggamit sa serbisyo ng transit.

Bilang karagdagan sa Edmonton at Calgary, 10 mga komunidad ng Alberta ang may mga pass sa transit ng mababa ang kita. Sa karagdagang pagpopondo na ito at upang mabawasan ang mga hadlang sa pananalapi sa pagbibiyaha, ang mga Albertan na may mababang kita sa Camrose, Hinton, Leduc, Lethbridge, Red Deer at Spruce Grove ay makakapag-aplay na ngayon ng pass sa transit para sa may mababa ang kita.

"Maraming mga Albertan ang umaasa sa pampublikong transit sa isang pang-araw-araw na batayan. Ang mga bagong kasunduan na ito upang palawakin ang mga pass sa transit ng mababa ang kita ay makakatulong sa mga indibidwal at mga pamilya na madaling makalipat sa kanilang mga komunidad, at nang hindi napakalaking gastos sa kanila."

*Jason Nixon, Ministro ng mga Serbisyo sa Nakatatanda, Komunidad at Panlipunan*

Ang pagpopondo ay ganap na sasakupin ang gastos ng munisipyo sa pampinansiyal na tulong sa programa ng transit ng mababa ang kita, kabilang ang karagdagang 10 porsiyento para sa mga gastos sa pangangasiwa. Ang mga detalye sa kung paano makukuha ng mga komunidad ang pagpopondo na ito ay direktang ibabahagi sa mga karapat-dapat na munisipalidad.

“Ang Lungsod ng Camrose ay nagbigay ng mga opsyon sa pagbibiyaha sa komunidad sa nakalipas na walong taon. Pinahahalagahan namin ang kontribusyon ng Pamahalaan ng Alberta sa aming programa, na tumutulong na gawin ang transit na maging mas abot-kaya sa ating mga mamamayan. Inaasahan namin ang pakikipagtulungan sa ating mga kapitbahay at sa lalawigan sa hinaharap sa potensyal na mapadali ang isang sistema ng rehiyonal na transportasyon.”

*PJ Stasko, alkalde, Lungsod ng Camrose*

## Mabilis na mga katotohanan

- Mahigit \$14 na milyon na ang inilaan para sa mga pass sa transit ng mababa ang kita sa buong lalawigan, kabilang ang \$6 na milyon bawat isa para sa Calgary at Edmonton upang patakbuhin ang kanilang mga programa.

## Mga kaugnay na balita

- [Tinutulungan ang mga Albertan na nangangailangan na makarating mula sa punto A hanggang sa punto B \(Pebrero 2, 2023\)](#)

## Multimedia

- [Makinig sa kumperensya ng balita](#)

## Mga Katanungan sa media

### [Heather Barlow](#)

780-245-0421

Kalihim ng Press, mga Nakatatanda, Komunidad at mga Panlipunang Serbisyo